Kailan magiging kwalipikado ang aking anak para sa kindergarten sa British Columbia?

Maaari mong irehistro ang iyong anak para sa kindergarten sa taon na sila ay naging 5 taong gulang.

Handa na ba ang aking anak para sa maghapon na kindergarten?

Ang bawat bata ay nagdidibelop sa kani-kanilang sariling level at bilis. Kausapin ang punong-guro ng iyong eskwelahan o ang guro sa kindergarten kung paano maayos na mailipat sa kindergarten ang iyong anak, at upang mapanatag ang iyong isipan.

Para sa impormasyon sa full day kindergarten

Makipag-alam sa distrito ng eskwelahan sa iyong lugar sa *http://www.bced.gov.bc.ca/schools/bcmap.htm*

o sa awtoridad ng independent school sa *http://www.bced.gov.bc.ca/apps/imcl/imclWeb/IndSchoolAuthority.do*

Para sa impormasyon sa paghahanap ng school care, magpunta sa *http://childcareinfo.gov.bc.ca/childcaresearch/search.aspx*

Para sa karagdagang impormasyon sa maagang pag-aaral *http://www.bced.gov.bc.ca/early_learning/full_day_kindergarten.htm*

Ang full day kindergarten ay isang magandang oportunidad upang makapagtatag ng isang malakas na pundasyon para sa habang-buhay na pag-aaral.

BRITISH COLUMBIA

Full Day Kindergarten [Filipino]

Full Day Kindergarten

Ang pagsisimula sa kindergarten ay isang kasiya-siyang panahon para sa mga bata at sa kanilang mga pamilya.

BRITISH COLUMBIA

Full Day Kindergarten (Mag-hapon na Kindergarten)

- Simula noong 2010, sinimulan ng Ministry of Education ang paglipat sa buong araw na kindergarten sa darating na dalawang taon sa buong British Columbia. Ang buong araw na kindergarten ay makukuha na ngayon ng lahat ng mga kwalipikadong limang-taong-gulang sa probinsiya.
- Kapag nag-aral nang buong araw, huhusay ang pagbabasa at ang matematika, mas madaling makakapunta sa Grade 1, at tataas ang post-secondary graduation rates o makatapos ng kolehiyo.
- Ang full day kindergarten ay nagpapahintulot sa mga guro na magbigay sa kanilang mga estudyante ng mas maraming indibidwal na atensyon.

Ang mga bata ay likas na mag-aaral, puno ng paghanga at pagtataka sa kanilang mundo.

Mga Benepisyo ng Full Day Kindergarten

Para sa Iyong Anak

- Mas maraming oportunidad na matuto sa pamamagitan ng paglalaro.
- Mas matagal na pakikihalubilo sa mga ibang bata upang tumulong na magdibelop ng malakas na kakayahan sa pakikipagkaibigan at positibong pagpapahalaga sa sarili.
- Mas malawak na karanasan sa mga materyales sa edukasyon upang tumulong na magdibelop ng malakas na literacy skills.
- Mas maraming oras para sa mga guro na tugunan ang mga pangangailangan ng mga bata.
- Mas kaunting transisyon sa araw.
- Mas maraming mga aktibidad para sa indibidwal at maliliit na grupo.

Para sa mga Magulang

- Mas malakas na pakikipag-ugnayan sa eskwelahan ng iyong anak.
- Kompiyansa sa programa sa edukasyon ng iyong anak.
- Oportunidad na maging mas aktibo sa pormal na edukasyon ng iyong anak.
- Mas makakatipid kung ang gastos sa childcare ay mababawasan.
- Mas balanseng trabaho/buhay, at samakatwid ay nabibigyan ang mga magulang ng karagdagang panahon upang magtrabaho o mag-aral.

Nagkakaroon ng kamalayan ang mga bata sa kanilang mundo sa pamamagitan ng paglalaro.

Pagtatag ng Pundasyon Para sa Habang-Buhay

- Ipinapakita ng pagsasaliksik na ang programa sa kindergarten na batay sa paglalaro ay tumutulong sa mga bata na magtagumpay sa eskwelahan at sa buhay.
- Hinuhubog ng mga karanasan habang bata pa ang mga kaugalian sa pag-aaral sa darating na panahon.

Itinataguyod ng paglalaro ang malusog na pisikal, pakikihalubilo, emosyonal, pangwika, at cognitive na pag-unlad.